**ACTIVITY SHEET**
**FILIPINO1**
**QUARTER 3-MODULE 11**

Pangalan: ____________________________________________________1-____________________

**Pag-uugnay ng Sariling Karanasan sa Napakinggang Kuwento**

Activity No. 1

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong sa ibaba nang buong husay.

**Ang Pamilya Koyo**
ni Claudine T. Sabado

Araw ng Linggo at walang pasok. Bihis na bihis ang pamilya Koyo. May mga dala silang aklat-dasalan. Tuwing araw ng Linggo sila ay nagpupunta sa simbahan.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang.

_____ 1. Saan pumupunta ang pamilya Koyo tuwing araw ng Linggo?
a. sa pasyalan b. sa simbahan

_____ 2. Ano ang dala ng pamilya Koyo kapag pumupunta sila ng simbahan?
a. aklat-dasalan b. payong

_____ 3. Mabuti bang gawain ang pagpunta ng pamilya Koyo sa simbahan tuwing araw ng Linggo? Bakit?
a. Hindi po, dahil hindi ito nakabubuti sa kalusugan.
b. Opo, dahil napapalapit tayo sa Diyos.

_____ 4. Nagpupunta rin ba ang iyong pamilya sa simbahan tuwing araw ng Linggo? Bakit?
a. Opo, dahil maraming pagkain. b. Opo, dahil mahal namin ang Diyos.

Activity No. 2

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang kuwento. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong na nasa ibaba nang buong husay.

**Ang Batang Malinis**
ni Claudine T. Sabado

Si Pepa ay isang batang malinis. Naghuhugas siya lagi ng kamay bago kumain. Laging nagsisipilyo tuwing matatapos kumain. Araw-araw, naliligo at laging naglilinis ng katawan tuwing matapos maglaro. Kaya naman si Pepa ay hindi nagkakasakit.

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa patlang.

_____ 1. Sino ang batang malinis?
a. Si Pepa b. Si Popo

_____ 2. Ano ang ginagawa ni Pepa bago kumain?
a. Siya ay naghuhugas ng plato. b. Siya ay naghuhugas ng kamay.

_____ 3. Bakit hindi nagkakasakit si Pepa?
a. Siya ay parating hindi naliligo.
b. Siya ay naliligo araw araw at 1agging malinis sa katawan.

_____ 4. Ginagawa mo din ba ang ginagawa ni Pepa?
a. Hindi po, dahil gusto kong magkasakit.
b. Opo, dahil ayaw kong magkasakit.

LIVEWORKSHEETS

**ACTIVITY SHEET**
**FILIPINO1**
**QUARTER 3-MODULE 12**

## Pagpapalit at Pagdaragdag ng mga Tunog Upang Makabuo ng Bagong Salita

Activity No. 1

**Panuto:** Hanapin mo ang mga nawawalang pantig o tunog na nasa loob ng kahon at idagdag mo sa salita sa bawat bilang upang makabuo ng bagong salita. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

| it | ma | pa | tu | a |
|---|---|---|---|---|

1. ______sawa
2. ______log
3. ______tapang
4. ______malon
5. ______milya

Activity No. 2

**Panuto:** Palitan ang mga unang (letra) tunog o pantig upang makabuo ng bagong salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.


**Halimbawa:** laya – taya, tala- pala, alaga- ilaga

1. bangin -_____________
2. tayo- _______________
3. ako- _______________
4. higad-_____________
5. saya-_______________

Activity No. 3


**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan sa bawat bilang. Alamin ang nawawalang tunog o letra at buuin ang mga salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

**1.**  ___puan

**2.**  ___esa

**3.**  ___apis

**4.**  ___apel

**5.**  ___klat

**6.**  ___ag

**7.**  ___rayola

**8.**  ___waderno

**9.**  ___ahay

**10.**  ___ompyuter

LIVEWORKSHEETS